

Ang Paglikha ng Kalamidad / *The Invention of Disaster*

JC Gaillard

Waipapa Taumata Rau, Aotearoa

jc.gaillard@auckland.ac.nz

Parang sentido komun na ngayon sa Pilipinas at sa iba't ibang lugar sa mundo na ang mga kalamidad ay isa lamang “*social construct*” sa wikang Ingles. Samantala, ang ginagamit natin upang magsaliksik tungkol sa mga kalamidad ay isang uri lang ng konsepto, teorya, at metodolohiya na galing sa Kanluran. Layunin ng artikulo na ito na tutulan ang kabalintunaang epistemolohikal na ito. Ipakikita natin na ang mismong konsepto ng kalamidad ay likha lamang ng Kanluran na walang matatag na batayan. Nais din nating tuklasin ang pagpapatunay at institusyonalisasyon ng konseptong ito. Sa ikalawang bahagi ng artikulong ito, imumungkahi natin ang isang agenda upang magpalitaw ng ibang pagkakaintindi sa tinatawag na kalamidad sa kasalukuyan. Ang mga pagkakaintinding ito ay dapat salamin ng iba't ibang kultura at pananaw sa mundo ng Pilipinas. Napapanahon na ngayon upang buuin muli ang ating larangan ng pananaliksik mula sa ganitong *postcolonial* at *pluralistic* na punto de bista.

Mga Susing Salita: Kalamidad, Pananaliksik, Ontolohiya, Epistemolohiya, Postcolonial

Nowadays it is taken for granted, in the Philippines and elsewhere in the world, that disasters are social constructs. At the same time, we, scholars of disaster studies, only resort to concepts, theories and methodologies that all reflect the same Western traditions. The objective of this article is to challenge this epistemological paradox. It shows that the concept of disaster is an invention of the West that does not have any strong basis. However, the hegemony of Western science has allowed for its legitimisation and institutionalisation. The second half of the article suggests an agenda to open up spaces for other interpretations of what we usually call disaster to emerge. Such interpretations have to reflect the diversity of local cultures in the Philippines. It is indeed time to revisit our field of scholarship from a postcolonial and pluralistic viewpoint.

Keywords: Disaster, Research, Ontology, Epistemology, Postcolonial

Panimula

Parang sentido komun na ngayon na ang mga kalamidad ay mga “*social construct*” lamang sa wikang Ingles o mga “konstruksiyong panlipunan” sa wikang Pilipino. Samantala, ang ginagamit natin upang magsaliksik tungkol sa mga kalamidad ay isang uri lang ng konsepto, teorya, at metodolohiya na galing sa Kanluran.¹ Ang mga ito ang ginagamit sa buong mundo, lalo na sa Pilipinas, bilang unibersal na katotohanan. Nakagugulat ang kabalintunaang ito. Kaya ang pananaliksik tungkol sa kalamidad ay isang epistemolohiyang walang katuturan.

Sa larangan ng pananaliksik na ito, may kalamidad kapag napinsala ang bulnerableng tao at ang kanilang mga kabuhayan dahil sa mga sanhing pangkapaligiran. Sa ganitong interpretasyon, nasa gitna ng kalikasan at lipunan ang mga kalamidad; sa jargon ng pananaliksik tungkol sa mga kalamidad, nasa pagitan ng panganib at bulnerabilidad ang mga kalamidad. Nanggaling sa ika-18 siglo ng Europa ang ganitong punto de bistan ontolohikal. Batay ito sa panulat nila Voltaire at Rousseau tungkol sa pinsala ng lindol sa Lisbon nong 1755 (Rousseau 1967; Dynes 2000). Ibig sabihin nito na nakabatay sa panahon ng *Enlightenment* ang ating kasalukuyang pagkakaintindi ng kalamidad (Gaillard 2021).

Kailangan nating tanggapin ang pamanang ontolohikal na ito dahil matatagpuan sa loob ng panganib/kalikasan-lipunan/bulnerabilidad na *binary* ang pananaliksik tungkol sa kalamidad. Mahahalata ito sa importansiya ng *mnemonic* na ‘*disaster = hazard x vulnerability*’ sa larangan ng pananaliksik tungkol sa kalamidad (Wisner, et al. 2004). Ito’y sapagkat natanggap na bilang unibersal ang iba’t ibang *paradigm* na kaugnay ng / sumibol mula sa *binary* na ito, nakatutok man sa panganib o sa bulnerabilidad. Parang may iisang katotohanan lamang na nanggaling sa agham ng Kanluran. Kaya nakabatay sa modernong *épistémè*² ng Kanluran, sa salita ni Foucault (1966), ang pananaliksik tungkol sa kalamidad, kahit saan sa buong mundo, lalo na sa Pilipinas, at kahit sa mga pisikal na agham o agham panlipunan man. Malinaw ang ganitong pamana sa ating mga konsepto, teorya, metodolohiya, at pati sa mga ginagamit natin na mga daluyan upang ibahagi ang mga natuklasan natin sa pananaliksik. Umaabot pa sa mga polisiya at aksiyon sa tinatawag na *disaster risk reduction* ang pamana ng panganib/kalikasan-lipunan/bulnerabilidad na *binary*.

Dahil sa hegemonya ng agham ng Kanluran at ang kaniyang impluwensya sa polisiya at aksiyon, walang lumabas na ibang interpretasyon o pananaw sa labas ng Kanluraning perspektiba, lalo na sa Pilipinas. Ang layunin ng artikulong ito ay magbukas ng espasyo para sa paglitaw ng ibang interpretasyon. Dahil dito, ang artikulong ito ay nakasulat sa punto de bista ng *postcolonial* at *poststructuralist* na iskolarsyip. Ayon sa lapit na ito, walang hegemoniko at unibersal na katotohanan, lalo na kung nanggagaling ito sa Kanluran. Kasama rito ang mga pananaw sa mundo katulad ng panganib/kalikasan-lipunan/bulnerabilidad na *binary*. Ayon kay Shohat (Notes on the 108) ang punto de bistan *postcolonial* ay “*a movement beyond a relatively binaristic, fixed and stable mapping of power relations between ‘colonizer/colonized’ and ‘centre/periphery’*. *Such rearticulations suggest a more nuanced discourse which allows for movement, mobility and fluidity.*”

Kaya lang, kailangan muna nating iwaksi ang pamanang ontolohikal na nasa pagitan lang ng panganib/kalikasan at lipunan/bulnerabilidad ang kalamidad. Tututulan din natin ang mismong unibersal na kahulugan ng kalamidad ng punto de bistan Kanluranin. Mahalaga ito dahil ayon kay Ferguson, “*the questions we can ask about the world are enabled, and other questions disabled, by the frame that orders the questioning. When we are busy arguing about the questions that appear within a certain frame, the frame itself becomes invisible; we become enframed within it*” (The Man Question 7).

Ang lapit na ito ay katulad ng proseso ng *deconstruction* ni Derrida. Ayon kay Derrida (The Time of 40–41), “*every conceptual breakthrough amounts to transforming, that is to say deforming, an accredited, authorized relationship between a word and a concept, between a trope and what one had every interest to consider to be an unshiftable primary sense, a proper, literal or current usage.*” Ang *deconstruction* na ito ay kailangan hindi upang sirain, bagkus upang baklasin lamang ang iba’t ibang bahagi ng isang buo o sistema para lubos na maintindihan kung paano ito gumagana. Ang proseso ng *deconstruction* ay dapat galing sa loob mismo ng kabuuan o sistema, kaya ginagamit natin sa artikulo na ito ang mga konsepto ng Kanluran (Derrida 1967).

Sa huli, hindi natin nilalayon na ibasura ang konsepto ng kalamidad. Ayon kay Butler (Contingent Foundations 51), “*to deconstruct these terms means,*

rather, to continue to use them, to repeat them, to repeat them subversively, and to displace them from the contexts in which they have been deployed as instruments of oppressive power.”

Ang Paglikha ng “Kalamidad”

Mayroon bang bagay na tinatawag na kalamidad? Likas na *subjective* at *contextual* ang sagot at bahala na mula sa kanilang punto de vista ang sinumang gustong sumuporta sa agenda natin, kahit saan man sila sa mundo o sa Pilipinas. Sa palagay natin, walang madaling sagot dahil imbensiyon lamang o “nilikha” ang “kalamidad.” Ito ay katulad ng kahit anong konsepto mula sa pananaw ng Kanluran. Ayon kay Derrida, ang konsepto ng kalamidad ay kaugnay ng ating interpretasyon ng marami pang ibang konsepto. Sa salita mismo ni Derrida (Marges de la 11): *“the signified concept is never present in and of itself, in a sufficient presence that would refer only to itself. Essentially and lawfully, every concept is inscribed in a chain or in a system within which it refers to the other, to other concepts, by means of the systematic play of differences. Such a play, différence, is thus no longer simply a concept, but rather the possibility of conceptuality, of a conceptual process and system in general.”*³³

Ang bawat konsepto ay kaugnay rin ng maraming ibang konsepto (ang *différence*), kaya sa huli, ang kahulugan ng kalamidad ay *deferred* (ang *différance*) sa ating interpretasyon ng maraming iba pang konsepto. Relatibo sa oras at espasyo ang mga konseptong ito. Kaya walang *transcendental*⁴ na *signifier*, sa salita ni Derrida (1967), para sa konsepto ng kalamidad katulad ng kahit anong konsepto, kahit paano batay sa mga wika ng Kanluran. Kaya walang bagay na puwedeng tawaging kalamidad *per se*. Laging relatibo ang konsepto dahil *“there is nothing outside of the text”*⁵ (Derrida, De la Grammatologie 127). Ang kahulugan ng kalamidad ay laging *mediated* ng ating interpretasyon ng iba’t ibang konsepto.

Sa pananaliksik tungkol sa kalamidad, nanggaling sa Kanluran, o sa wikang Griyego at Latin, ang lahat ng *different* at *deferring* na konsepto. Halimbawa, mahirap maghanap ng tamang salin sa mga wika ng Pilipinas para sa *vulnerability*, *capacities*, *resilience*, at lahat ng iba pang konsepto na kailangan nating malaman at maintindihan. Kaya kadalasan ginagamit natin ang salita na galing sa Espanyol katulad ng kalamidad,

at ganoon din para sa bulnerabilidad at kapasidad. Kaya likha ng Kanluran ang ating interpretasyon ng kalamidad sa Pilipinas. Likha na nanggaling sa panahon ng *Enlightenment* at modernong *épistémè* ng Kanluran. Ayon kay Mbembe (Critique de la 26–27): *“(…) European discourse, both scholarly and popular, had a way of thinking, of classifying and imagining distant worlds, that was often based on modes of fantasizing. By presenting facts, often invented, as real, certain, and exact, it evaded what it claimed to capture and maintained a relationship to other worlds that was fundamentally imaginary, even as it sought to develop forms of knowledge aimed at representing them objectively.”*⁶

Nakatuon ang susunod na bahagi ng artikulo na ito sa pagpapatatag at institusyonalisasyon ng konsepto ng kalamidad. Paano ba naging ganito ka-unibersal at katibay sa pananaliksik, polisiya at aksiyon ang isang konsepto na walang matatag na batayan? Kailangan nating maintindihan ang ganitong proseso upang matutulan ang pamanang ito at magbukas ng espasyo para sa ibang pananaw sa mundo.

Ang Pagpapatunay ng Paglikha

Dahil “nilikha” lamang ng Kanluran ang kalamidad, ang pagpapatunay ng kalamidad bilang paksa sa pananaliksik at polisiya ay nakabatay sa mga gawagawang batayan. Lumilikha ng isang konsepto na walang transcendental na katotohanan ang mga batayang ito.

Ang mga batayang ito ay nakadepende sa pagkukunwaring ontolohikal ng Kanluran na matatagpuan sa pagitan ng kalikasan at lipunan ang anumang panganib na nagdudulot ng pinsala para sa tao at kabuhayan.

Kaya kailangan ng *normative* na *delineation* ng sinasakop o saklaw ng pinsala. Marami nang nasulat tungkol sa mismong antas ng pinsala sa pananaliksik tungkol sa kalamidad (e.g., Quarantelli 1998; Perry at Quarantelli 2005). Hindi natin tatalakayin ito rito.

Ang interes natin ay ang normatibong proseso ng pagpapatunay⁷ at kung paano ito humahawig sa maka-Kanluraning pananaw. Ang pinakareperensiya natin ay si Canguilhem (1966) at ang kaniyang pagkatuklas ng hangganan sa pagitan ng *normal* at *pathological* sa medisina. Sa wikang Ingles parehong may Latin na prefix na *dis-* sa *dis-ease* at *dis-* aster upang maipakita ang negatibong dimensiyon ng dalawang konseptong

ito; isang pagkakaiba sa normal na kalusugan, sa kaso ng sakit, o sa pang-araw-araw na buhay sa kaso ng kalamidad. Pagkakaiba sa normal, regular, pang-araw-araw na nasa gitna ng kahulugan ng kalamidad sa punto de bista ng Kanluran at sa pananaliksik tungkol sa kalamidad (Hewitt 1983).

Mahalaga ang pagbuo ng hangganan sa pagitan ng normal at “masyado”: masyadong nahirapan, masyadong napinsala, masyadong apektado, at iba pa, dahil dito nakasentro ang kahulugan ng kalamidad. *Inherently normative* ang mga hangganan na ito, maging *quantitative* o *qualitative* man. Ang mga hangganang *qualitative* ay kaugnay ng nalikhang gulo o panganib sa lipunan (ayon sa matagal na pananaliksik sa sosyolohiya) at sa kakayahang tumugon sa ganitong pinsala (ayon sa iba’t ibang organisasyon na ginagamit ang ganitong kahulugan upang magbigay ng katwiran para sa kanilang interbensiyon pagkatapos ng kalamidad). Sa dalawang dimensiyon nito, ang hangganan ay tinutukoy ayon sa mga normatibong inaasahan ng “normal” na buhay at ayon sa puwedeng gawin ng Kanluran para sagipin ang ibang lugar sa mundo. Sa salita ni Fritz (Disaster 655): “*in its most general sociological sense, a disaster is defined as a basic disruption of the social context within which individuals and groups function, or a radical departure from the pattern of normal expectations.*”

Dahil sa patuloy na pakikipagsapalaran sa numero, naging pinakamahalaga ang mga hangganang *quantitative* sa kahulugan ng kalamidad (Gaillard 2021). Ang importansiya ng sari-saring estadistika at numero ay malinaw sa papalaking impluwensiya ng mga *database* sa pagtatala ng kalamidad. Sa Pilipinas, ang mga ganitong *database* at estadistika ay karaniwang mula sa gobyerno at mga *international organisation* (Bathan 2017; Pacific Disaster Center 2021; Centre for Research on the Epidemiology of Disasters 2021). Sinusuportahan ng mga *database* na ito ang mga polisiya at aksiyon laban sa kalamidad. Marami rin ang mga pananaliksik na gumagamit ng ganitong *database*, halimbawa ang EM-DAT na *database*, bilang katwiran sa pagsusulong ng kanilang mga layunin. Makikita sa maraming artikulo at aklat na kailangan ng mas marami pang pananaliksik sa Pilipinas dahil mataas ang bilang ng kalamidad sa bansa ayon sa EM-DAT.

Sa punto de bista ito, ang naidulot o epekto ng kalamidad ay sakop ng estadistika, at ang pananaliksik tungkol sa kalamidad ay isang sangay ng numerolohiya na ang bilang ng napinsala ng kalamidad ay ang

nagsisilbing pinakabatayan upang malaman kung kalamidad nga talaga ang nangyayari sa kapaligiran; kung ang epekto ay lampas sa normal o hindi; o kung kailangan ng interbensiyon galing sa labas o hindi. Ang mga *database* at estadistikang ito ay nagiging batayan ng pagguhit ng linya sa pagitan ng “normal” at kalamidad, na ang “normal” ay ayon sa karaniwang epekto sa Kanluran at ayon sa mga inaasahan ng proyekto ng modernidad sa salita ni Habermas (1985). Sa prosesong ito, walang boses ang mga taong natamaan ng kalamidad kahit malinaw na ang pagdanas sa pinsala ng kalamidad ay *relative* at *subjective*.

Sa pananaw na ito, maibubuod ang mga nangyayari ayon sa bilang ng namatay, bilang ng mga naapektuhan, at pagkalugi sa ekonomiya. Katulad nito ang konsepto ng patolohiya sa International Classification of Disease (ICD) ng World Health Organization o ng *psychological disorder* sa Diagnostic and Statistical Manual (DSM) ng American Psychiatric Association. Ebidensiya ang laging pagbabago ng mga nilalaman ng ICD at DSM na walang tunay na katotohanan o realidad sa likuran ng mga sakit sa katawan o sa pag-iisip na nakalista sa mga ulat nito. Ayon kay Canguilhem (1966), ang pagbubuo ng *dis-ease*, *mental dis-order* at *dis-aster* bilang *dis-function* ng katawan, isip at lipunan ay kawangis na sagot na nanggagaling sa normatibong uri ng mga pagpapahalaga ng Kanluran. Malinaw ang ganitong interpretasyon ng kalamidad sa umpisa ng Edad ng *Enlightenment*, lalo na sa sinulat ni Defoe (The Storm 55) tungkol sa bagyo sa Inglatera at Wales nong 1703: “*Some Gentlemen, whose Accounts are but of common and trivial Damages, we hope will not take it ill from the Author, if they are not inserted at large; for that we are willing to put in nothing here common with other Accidents of like nature; or which may not be worthy of a History and a Historian to record them; nothing but, what may serve to assist in convincing Posterity that this was the most violent Tempest the World ever saw.*”

Kadalasan, katulad ng nangyayari sa mga sakit sa katawan at pag-iisip, ang kasalukuyang pang-estadistikang ebidensiya ng kalamidad at ng pagdami ng mga ito sa Pilipinas at sa ibang lugar sa mundo ay maipakikita sa sari-saring talahanayan, grap, at mapa. Ang mga ito ay nagbibigay ng simple at hindi mapasisinungalingang katotohanan ng mga iskolar, *policy maker*, at buong lipunan na may tunay na kalamidad at problema ang mga kalamidad na ito para sa kaunlaran. Ang mga talahanayan, grap, at mapa

na ito ay ginawa upang maipakita ang pagkakaiba ng pang-espasyo at *temporal* na mga landas. Ayon kay Canguilhem (Le Normal et 114), “*an anomaly manifests itself in spatial multiplicity.*” Ibig sabihin nito na naitakda na ng Kanluran ang pamantayan dahil ipinakikita sa kaniyang estadistika na mas ligtas na siya kaysa ibang lugar sa mundo. Samantala, “*disease [i.e., ang kalamidad], (manifests itself) in chronological succession*”⁸ (Atin ang mga *bracket*). Ibig sabihin nito na: (1) ang kalamidad ay isang paghinto sa proseso ng kaunlaran ayon sa mga inaasahang proyekto ng modernidad ng Kanluran; at (2) dumami ang mga kalamidad noong nakaraang siglo. Dahil dito kailangan ng mas maraming pananaliksik at higit na pagpapahalaga sa polisiya.

Gayunman, ang pagguhit ng linya at hangganan na nakita natin sa mga talahanayan, grap, at mapa, ay hindi nakabatay sa kahit na anong obhetibong realidad or katotohanan, o “*transcendental signifier*” sa salita ni Derrida. Ang ganitong interpretasyon ng kalamidad ay parang salamin ng normatibong pananaw sa buhay at mundo: isang pananaw galing sa Kanluran na minana mula sa *Enlightenment* at proyekto ng modernidad na hindi dapat maging panganib sa buhay at kabuhayan ng tao ang kalikasan. Ito ay *sine qua non* na kondisyon sa kaunlaran ng lipunan. May magandang reperensiya sa ganitong normatibong pananaw sa buhay na sinulat ni Canguilhem (Le Normal et 112–3): “*there is a dynamic polarity of life. As long as the morphological or functional variations [i.e., ang panganib] on the specific type [i.e., ang araw-araw ng buhay ng mga taong bayan] do not hinder or subvert this polarity, the anomaly is a tolerated fact; in the opposite case the anomaly is felt as having negative vital value and is expressed as such on the outside. Because there are anomalies which are experienced or revealed as an organic disease, there exists first an affective and then a theoretical interest in them. It is because the anomaly has become pathological [i.e., ang isang kalamidad] that it stimulates scientific study. The scientist, from his objective point of view, wants to see the anomaly as a mere statistical divergence, ignoring the fact that the biologist’s scientific interest [i.e., kahit sinong mananaliksik tungkol sa kalamidad] was stimulated by the normative divergence. In short, not all anomalies are pathological [i.e., kalamidad] but only the existence of pathological anomalies [i.e., ang mga kalamidad] has given rise to a special science of anomalies [i.e., ang pananaliksik tungkol sa kalamidad] which, because*

it is science, normally tends to rid the definition of anomaly of every implication of a normative idea. Statistical divergences such as simple varieties are not what one thinks of when one speaks of anomalies; instead one thinks of harmful deformities or those even incompatible with life, as one refers to the living form or behavior of the living being not as a statistical fact but as a normative type of life”⁹ (Atin ang mga *bracket*).

Kaya tama si Hewitt (The Idea of 14) nong sinabi niya na, “*it [i.e., hazard research aka, nowadays, disaster studies] has invented its problem field to suit its convenience*” (Atin ang *bracket*). *Convenience* na nagbigay ng layunin sa proyekto ng modernidad na nabuo nong ika-18 siglo. Sa gayon, ang paghahanap sa *consensual* at unibersal na kahulugan para sa mga konsepto katulad ng *disaster*, *hazard*, *vulnerability*, *capacities*, at *resilience* ay isang balisang pagtatangka at garapalang paglelehitimo ng larangan ng pananaliksik at polisiya na walang kuwenta sa labas ng Kanluran. Ang litanya ng mga glosaryo at kahulugan na magagamit sa pananaliksik tungkol sa kalamidad at polisiya para sa *disaster risk reduction*, lalo na sa Pilipinas (National Disaster Coordinating Council 2010), ay parang desperadong pagtatangka sa pag-*rationalise*, *-categorise*, *-structure* at *-normalise* ng hindi kayang *i-rationalise*, *-categorise*, *-structure* at *-normalise* dahil, ulit, walang *referent*; walang *transcendental* na katotohanan sa likuran ng konsepto. Mas malala, dahil sa hegemonya ng mga konsepto ng Kanluran hindi puwedeng lumabas at umunlad ang iba’t ibang pananaw sa mundo, sa Pilipinas at iba pang lugar sa mundo.

Alternatibong Interpretasyon at Pluralismo sa Pananaliksik tungkol sa Kalamidad

Sa Pilipinas at iba pang lugar sa mundo, naglaho ang iba’t ibang pananaw dahil hindi nila natugunan ang mga inasahan ng agham ng Kanluran; dahil hindi sila bagay sa normatibong pananaw ng proyekto ng modernidad at ang kaugnay nitong buhay. Ito ay kahit sentido kumon na imbensiyon ng lipunan ang kalamidad. Ayon kay Lyotard:

‘The scientist questions the validity of narrative statements and concludes that they are never subject to argumentation or proof. He classifies them as belonging to a different mentality: savage, primitive, underdeveloped, backward,

alienated, composed of opinions, customs, authority, prejudice, ignorance, ideology. Narratives are fables, myths, legends, fit only for women and children. At best, attempts are made to throw some rays of light into this obscurantism, to civilize, educate, develop. This unequal relationship is an intrinsic effect of the rules specific to each game. We all know its symptoms. It is the entire history of cultural imperialism from the dawn of Western civilization. It is important to recognize its special tenor, which sets it apart from all other forms of imperialism: it is governed by the demand for legitimization'.¹⁰ (La Condition Postmoderne 48)

Kung ang kalamidad ay isang likha ng Kanluran; isang likha na walang anumang pinagbabatayang unibersal na *transcendental* na realidad, ginawang lehitimo ang gawa-gawang katotohanan nito upang matugunan ang mga layunin ng proyekto ng modernidad; ibig sabihin nito na kailangan nating tutulan ang mga pinakabatayan ng pananaliksik tungkol sa kalamidad. Kailangan nating tutulan ang pinakabatayan ng *reason* na minana mula sa *Enlightenment*. Kailangan nating tutulan ang abilidad ng modernong *épistémè* ng Kanluran. Ang mga ito ay makatutulong sa pagkakaintindi sa tinatawag na kalamidad. Halimbawa, ipinakita ni Balay-as (2019) sa Pilipinas na ang pangunahing panganib para sa mga Kankana-ey sa kasalukuyan ay ang mga banta ng kaunlaran katulad ng mga minahan o saplad. Bagkus, ang mga panganib ng kapaligiran ay bahagi ng araw-araw na buhay (Balay-as 2019; Bankoff 2003).

Sa kontekstong ito, “*the critique of the European paradigm of rationality/modernity is indispensable even more, urgent*”¹¹ (Quijano, Colonialidad y Modernidad/Racionalidad 19). Ito ay isang panawagang tapusin na ang mga *métarécit* sa pananaliksik tungkol sa kalamidad o, ayon kay Foucault (What is Enlightenment? 46), “*this means that the historical ontology of ourselves must turn away from all projects that claim to be global or radical.*”

Ang kailangan natin sa Pilipinas at iba pang lugar sa mundo ay magpalabas ng maraming *petits récits*¹² tungkol sa mga kalamidad. Ang *petits récits* na ito ay dapat maging salamin ng iba’t ibang kultura at pananaw sa mundo sa Pilipinas, iba’t ibang paraan ng pag-alam o epistemolohiya sa pagkakaintindi sa tinatawag na kalamidad sa kasalukuyan. Kung posible nga ang

ganitong *différance*. Ang pinakatanong dito ay kung puwedeng magkaroon ng iba’t iba at sabay-sabay na pananaw sa mundo at *épistémè*.

Sa totoo kasi, ayaw nating tutulan ang *rationale* sa likuran ng Kanluraning interpretasyon ng kalamidad sa mismong Kanluran. Ayaw din nating tanggihan ang paghihirap at pagdurusa ng milyong-milyong katao sa Pilipinas pag may bagyo, lindol o pagputok ng bulkan. Ang ating layunin ay labanan ang nag-iisa at sinasabing unibersal na interpretasyon ng ganitong realidad at ang kaniyang *mediation* sa konsepto at teorya ng Kanluran sa konteksto ng iba’t ibang kultura lampas sa Kanluran.

Ang ating punto ay malamang iba’t iba ang interpretasyon ng kalamidad sa bawat kultura. Ang mga interpretasyong ito ay mediated ng mga lokal na pananaw sa mundo at isinalin sa konsepto na ginagamit ang salitang partikular sa bawat wika; kung sakali ang mga konsepto at wika ay *relevant* na pinagbatayan sa ganitong proseso ng *mediation*. “*This does not mean a rejection of Western categories but signals the beginning of a new and autonomous relation to them*” (Das, Subaltern as Perspective 310). Kung ganito, hindi na natin kailangang i-lehitimo sa bawat isa ang iba’t ibang sabay-sabay na *épistémè*.

Maaaring magkaroon ng sabay-sabay na *épistémè* kung papansinin at tatanggapin natin ang dibersidad at kaibahan ng mga kultura sa Pilipinas at iba pang lugar sa mundo; kung may respeto at pagtitiwala; kung magkakaroon ng tunay na *postcolonial* na *agenda* sa pananaliksik na pinagbabatayan ang bawat lugar; at hindi nakatali sa iisa at nag-iisang determinadong reason ang agenda nito dahil, ayon kay Mbembe (Provisional Notes on 8), “*the postcolony is chaotically pluralistic and that it is in practice impossible to create a single, permanently stable system out of all the signs, images and markers current in the postcolony.*”

Kaya napapanahon na ngayon upang buuin ulit ang ating larangan ng pananaliksik mula sa isang *postcolonial* at *pluralistic* na punto de bista. Para makalabas ang *petits récits* tungkol sa tinatawag natin na kalamidad na nakabatay sa iba’t ibang kultura sa buong Pilipinas. Parang purong akademikong pagpupunyagi ito pero hindi. Katulad ng sinabi ni Lenin walang magbabago sa mundo, lalo na sa gawain sa harap ng tinatawag na kalamidad, hanggang may alternatibong teorya.

Hindi natin kailangang talikuran ang likha ng Kanluran, “*an impossible aim*” ayon kay Clifford (On Ethnographic Allegory 119). Ang puwede nating gawin

ay “*opening ourselves to different histories*” (Clifford, On Ethnographic Allegory 119). Ang ibig sabihin nito ay kailangan ng maraming “likha ng kalamidad” sa ibabaw ng hegemonya ng nag-iisang pananaw sa mundo galing sa Kanluran. Sa salita ni Said (Culture and Imperialism 51–52): “*for each locale in which the engagement occurs, and the imperialist model is disassembled, its incorporative, universalizing, and totalizing codes rendered ineffective and inapplicable, a particular type of research and knowledge begins to build up.*”

Ang ating layunin ay matuto mula sa ibaba (Spivak 1993a), o maraming ibaba, at hindi lang tumutol sa isang kaisa-isang nangingibabaw. Matagal nang sinabi ni Hewitt (Shadow Risks and 8) ito sa konteksto ng pananaliksik tungkol sa kalamidad: “*among other things, such work seems to involve and require a different modus operandi, methodologies and perspectives: a view from within rather than outside communities, a participation in the sense of crisis. One requires insight rather than oversight; a capacity to listen to, comprehend and interpret experience and circumstances expressed in vernacular language rather than technical ways. In sum, one will have to recognise, assess and express the “view from below.”*”

Magiging *challenging* ang ganitong agenda kung ang panimula ay sa Kanluran. Kung ang pinakareperensiya ay ang umiiral na kaalaman, ontolohiya, at epistemolohiya. Ayon kay JanMohamed (The Economy of 65), “*genuine and thorough comprehension of Otherness is possible only if the self can somehow negate or at least severely bracket the values, assumptions, and ideology of his culture.*” Kaya, “*our understanding of disaster needs to be turned inside out and not the other way around, as it tends to become, thanks to the “expert” notions of what is a disaster*” (Jigyasu, Disaster 59).

Challenging din ang ganitong agenda dahil sa kasalukuyang *hybridity* ng iba’t ibang pananaw sa mundo sa karamihan ng mga lugar sa daigdig (Bhabha 1994; Glissant 1997). Pamana ng kolonyalismo ang *hybridity* na ito pero nanggagaling din sa mga kasalukuyang interaksyon ng iba’t ibang kultura sa panahon ng globalisasyon. Sa Pilipinas, ang kasalukuyang namamayaning pananaw sa kalamidad ay pamana rin ng prekolonyal na panahon. Halimbawa, ang madalas na kapalit sa salitang kalamidad ay *sakuna*. Kaya lang, ang salitang *sakuna* ay galing sa wikang Sanskrit na nangangahulugang *bird of omen*.

Iba ito sa kahulugan ng kalamidad sa Kanluran. Iba rin ang *sakuna* sa mga kasalukuyang ginagamit na salitang Sanskrit sa wikang Hindi (*aapada* at *vipatti*) at sa Bahasa Indonesia (*bencana*).

Mahalaga rito ang tungkulin ng wika, katulad ng iba’t ibang *postcolonial* na agenda (Fanon 1952; Memmi 1957; Ebooussi-Boulaga 1977; Spivak 1993b; Diagne 2013), dahil kahit anong interpretasyon ng kahulugan ng kalamidad o kahit anong diskurso tungkol sa mga natural na nangyayari sa kapaligiran katulad ng mga bagyo, lindol o pagputok ng bulkan, ay lagi itong mediated ng salita at konsepto. Kaya dapat nagmumula sa lokal na wika ang mga alternatibong pananaw sa kalamidad. Sa Pilipinas, ito ay dapat magmula sa iba’t ibang katutubong wika at hindi lang sa Filipino.

Ang wikang Kapampangan ay isang magandang halimbawa. Walang katutubong salita sa Kapampangan para sa tinatawag na kalamidad sa Kanluran. Gayunman, mayroong isang lumang Austronesian na salita para sa *misfortune*. Ang salitang ito ay *tagku* ayon sa bokabularyo ni Bergaño (1732). Sa kasalukuyan, napalitan ang salitang ito sa Espanyol na *disgrasia*. Sa bokabularyo ni Bergaño (1732) ang pinsala o misfortune ng *tagku* ay hindi tumutukoy sa mga panganib ng kapaligiran katulad ng pagputok ng bulkan, lindol, bagyo, at baha. Ang mga pinakabantang panganib noon ay kaugnay sa mga nilikhang may-buhay katulad ng mga buwaya (*dapu/dapung ganid* o mabangis na buwaya) at mga kaaway na tao. Kahit wala nang buwaya ngayon sa Indung Kapampangan, marami pa rin ang mga pananalita na pamana ng unang panahon katulad ng *kingua ning dapu* (kinuha ng buwaya). Ang tanging panganib na kaugnay sa kapaligiran ay ang kidlat na nakikita pa rin sa kasalukuyan sa sumpang *dagpan ning alte*.

Ang Kahalagahan ng Diyologo at Alyansa

Mangangailangan ang pagsusulong ng *postcolonial* na agenda na ito ng muling konsiderasyon ng mga *power relation* sa likuran ng ating larangan ng pananaliksik (Gaillard, 2021). Kailangang ilagay sa harapan ang mga lokal na mananaliksik. Kasama rito ang mga taong naapektuhan ng kalamidad dahil kabesado ng mga ito ang lugar at may kapasidad din para sa pananaliksik na kailangan nating pansinin. Ayon kay Hewitt (Excluded Perspectives in 330), “*letting those in hazard speak for and of themselves,*

is one of the few possibilities for keeping the faces and pain in the foreground of interpretation and response.”

Kailangan din nating tanggapin na may sariling hamon ang mga lokal na mananaliksik (e.g., Padilla-Goodman 2010; Balay-as 2019; Takakura 2019). Pero sila pa rin ang may pinakamaraming nalalaman tungkol sa lokal na lipunan at lokal na pananaw sa mundo na nasa gitna ng *postcolonial* na agenda. Sila rin ang nagsasalita ng lokal na wika kaya sila ang may kakayahang isalin ang araw-araw na buhay at kung ano ang tinatawag na kalamidad para sa mga taumbayan. Kadalasan ay alam din ng mga lokal na mananaliksik kung ano ang kailangang tuklasin at kung ano talaga ang priyoridad para sa taumbayan na pananaliksik tungkol sa tinatawag na kalamidad ng Kanluran.

Hindi ibig sabihin na dapat *exclusive* ang agenda na ito. Huwag nating palitan ang isang hegemonikong dayuhang salaysay ng kalamidad ng isang bagong hegemonikong lokal na salaysay. Ayon kay Parry (Problems in Current 28): “*a reverse discourse replicating and therefore reinstalling the linguistic polarities devised by a dominant centre to exclude and act against the categorized, does not liberate the ‘other’ from a colonized condition where heterogeneity is repressed in the monolithic figures and stereotypes of colonialist representation, and into a free state of polymorphous native ‘difference.’*”

Kaya kailangan ng patas na diyalogo ng mga mananaliksik. Ang mga lokal na mananaliksik ang dapat gumabay sa pananaliksik tungkol sa kalamidad. Sila ang magsasabi kung ano ang tamang ontolohiya at epistemolohiya para sa lokal na pananaw sa mundo. Sila rin ang dapat mangolekta at mag-aral ng datos. Pero sa diyalogong ito, may papel pa rin ang mga dayuhang mananaliksik. Kadalasan sila ang may akses sa pondo, gamit, at iba pang *resources*. Sila rin ang maaaring ayusin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga mananaliksik at nga mga *policy maker*, lalo na sa antas na internasyonal.

Para sa ganitong diyalogo at alyansa, kailangang pansinin at tanggapin ang mga parehong inaasahan at kultural na kaibahan. Ayon kay Freire (Conscientização e Alfabetização 12): “*only a dialogical, active, participatory method can really do this [i.e. upang magsulong ng aktibong pagaaral]. It is only through dialogue, which is critical in origin, that it is possible to generate criticality and facilitate a relationship that allows to achieve these goals*”¹³ (Atin ang bracket). Sa salita ni Freire (1968), ang diyalogo ay batay sa

love (o *compassion* sa kapuwa tao at sa mundo sa kapaligiran natin), *humility*, *faith* (o tiwala na kaya ng ibang taong magbigay ng gabay), *hope* at *critical thinking*. Idinagdag ni Chakrabarty (Radical Histories and 756): “*to be open-ended, I would argue, a dialogue must be genuinely non-teleological; that is, one must not presume, on any a priori basis, that whatever position our political philosophy/ideology suggests as correct will be necessarily vindicated as a result of this dialogue. For a dialogue can be genuinely open only under one condition: that no party puts itself in a position where it can unilaterally decide the final outcomes of the conversation.*”

Ang alyansang ito ay dapat batay sa kamalayan. Kamalayan ng iba’t ibang mananaliksik na puwede nating baguhin ang pananaliksik tungkol sa tinatawag na kalamidad.

Kamalayan na hindi dapat sa pagitan ng panganib/kalikahan-lipunan/bulnerabilidad na binary ang kahulugan ng kalamidad. Kamalayan na may ibang posibleng ontolohiya at epistemolohiya maliban sa mga minana sa *Enlightenment* pagdating sa pananaliksik. Kamalayan na hindi lang Ingles at iba pang wikang Europeo ang mga wika ng reason at katotohanan.

Pinakamahalaga ang pagtataas ng kamalayan sa iba’t ibang uri ng mananaliksik galing sa iba’t ibang sulok ng mundo at sa Pilipinas. Ang tawag ni Freire (1963, 1968, 1970) sa prosesong ito ay *conscientização*. Sinabi ni Freire (Cultural Action and 452), ito ay tumutukoy sa “*process in which men, not as recipients, but as knowing subjects, achieve a deepening awareness both of the socio-cultural reality which shapes their lives and of their capacity to transform that reality.*” Ayon kay Freire, ang prosesong ito ay nakabatay sa karanasan sa mundo ng mga taumbayan. Sa ating *agenda*, ang prosesong ito ay nakabatay sa karanasan ng hindi pantay na relasyon sa pagitan ng mga mananaliksik tungkol sa kalamidad. Iminungkahi ni Freire (1968, 1970) na magkaroon ng aksiyon patungo sa paglaya mula sa opresyon kung may ganitong kritikal na repleksiyon at kamalayan tungkol sa mga ugat ng hindi pantay na relasyon. Maraming magagaling na mananaliksik sa Pilipinas na maaaring gumabay sa prosesong ito upang mapataas ang kamalayan ng mga kapuwa mananaliksik.

Kaya hindi natin dapat tanggapin ang bawata proyekto o sulatin galing sa labas, lalo na kapag galing ang mga ito sa Kanluran. Maging kritikal sana tayo sa mga layunin at pananaw ng proyekto o sulatin at

kailangan nating matutuhang humindi kapag hindi wasto ang kolaborasyon. Hindi ibig sabihin na lahat ng ganitong pagsisikap ay masama. Sa totoo lang, may mabuting puso ang karamihan sa mga mananaliksik tungkol sa kalamidad at gusto nilang tumulong. Ang kailangan lang ay ang pamumuno sa Pilipinas, lalo na sa mismong lugar na matatagpuan ang proyekto o kung saan nakatutok ang pananaliksik. Ito ay napakahalaga kung tinatanggap natin na panlipunang konstruksiyon lamang ang kalamidad.

Utopia o Posibleng Hinaharap?

Ang artikulong ito ay naglayong iwaksi ang Kanluraning pamanang ontolohikal at epistemolohikal sa pananaliksik tungkol sa kalamidad. Tinutulan nito ang mismong unibersal na kahulugan ng kalamidad upang magbukas ng espasyo para sa paglitaw ng mas maraming interpretasyon ng konsepto ng kalamidad na batay sa iba't ibang pananaw sa mundo.

Baka *utopic* ang dating ng ating *agenda* sa konteksto ng kasalukuyang larangan ng pananaliksik? Baka hindi naniniwala ang iba na puwede nating ibalanse ang power at *knowledge relations* pagdating sa pananaliksik tungkol sa tinatawag na kalamidad? Pero kaya natin ito.

May pag-asa dahil may *momentum* ngayon. May *momentum* sa mga huling nasulatan at proyekto tungkol sa kalamidad sa iba't ibang lugar sa mundo. May pag-asa dahil may kamalayan na sa bagong henerasyon ng mga mananaliksik at sa kanilang *engagement* sa kritikal na teorya pagdating sa pag-aaral tungkol sa kalamidad, lalo na sa Pilipinas (Balay-as 2019; Alburo-Cañete 2020; Go-Ocampo 2021). May pag-asa rin sa nakikita at naririnig natin sa mga huling pulong at kumperensiya sa iba't ibang sulok sa mundo at sa Pilipinas. Ang *momentum* na ito ay maliwanag sa manipestong "*Power, prestige and forgotten values in disaster studies*" na napirmahan ng maraming mananaliksik sa Pilipinas. Senyas ang mga ito na handa na tayo upang maranasan ang imposible o "*experience the impossible*" (Derrida 1987). Sa totoo lang, mayroon tayong maganda at matagumpay na halimbawa sa Sikolohiyang Pilipino (e.g., Pe-Pua 1982; Enriquez 1992) at Pantayong Pananaw at ang kaniyang kritika (e.g., Salazar 1991; Guillermo 2009). Magagamit din ito sa pananaliksik tungkol sa tinatawag na kalamidad.

Mahaba at paliko-liko ang biyaheng ito pero wala tayong pagpipilian at magiging mabunga ang ganitong

paglalakbay. Sa bandang huli, huwag nating kalimutan ang sinabi ni Spivak (Theory in the 4): "*if we want to start something, we must ignore that our starting point is shaky. If we want to get something done, we must ignore that the end will be inconclusive.*"

Endnotes

- 1 Sinusunod natin ang ideya ni Glissant (Le Discours Antillais 12) na "*the West is not a place, it is a project.*" Nanggagaling ang proyektong ito sa pamanang imperyalista ng Europa.
- 2 Ayon kay Foucault (1966) ang *épistémè* ay ang unconscious pero ordinadong estruktura sa ilalim ng isang pagbubuo ng kaalamang agham o epistemolohiya sa isang lugar sa isang panahon.
- 3 Mula sa bersiyong Ingles ni Alan Bass na inilathala ng University of Chicago Press nong 1982.
- 4 Unibersal at hindi mapagtalunan na a priori.
- 5 Mula sa bersiyong Ingles ni Gayatri Chakravorty Spivak na inilathala ng The Johns Hopkins University Press nong 1974.
- 6 Mula sa bersiyong Ingles ni Laurent Dubois na inilathala ng Duke University Press nong 2017.
- 7 Batay sa punto de bista na may unibersal na katotohanan itong proseso ng pagpapatunay sa salita nina Foucault (1975) at Butler (1990).
- 8 Mula sa bersiyong Ingles ni Carolyn R. Fawcett na inilathala ng Zone Books nong 1991.
- 9 Mula sa bersiyong Ingles ni Carolyn R. Fawcett na inilathala ng Zone Books nong 1991.
- 10 Mula sa bersiyong Ingles ni Geoff Bennigton at Brian Massumi na inilathala ng University of Minnesota Press nong 1984.
- 11 Mula sa bersiyong Ingles na inilathala ng Cultural Studies nong 2007.
- 12 Maliit at lokal na salaysay o diskurso.
- 13 Ating salin sa Ingles.

Sanggunian

- Alburo-Cañete, Kaira Zoe. "PhotoKwento: Co-Constructing Women's Narratives of Disaster Recovery." *Disasters* 45.4, 2021, pp. 887–912.
- Balay-as, Marjorie. "Disasters through an Indigenous Lens in the Philippines." 2019. The University of Auckland. Tesis Doktoral.
- Bankoff, Greg. *Cultures of Disaster: Society and Natural Hazard in the Philippines*. Routledge, 2003.
- Bathan, Virginia M. "Philippine Initiatives on Disaster Statistics." Talumpati sa *2017 International Conference on Sustainable Development Goals Statistics*, 4-6 October 2017, Makati.

- Bergaño, Diego. *Vocabulario de la Lengua Pampangana en Romance*. Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1732.
- Bhabha, Homi K. *The Location of Culture*. Routledge, 1994.
- Butler, Judith. *Gender Trouble: Feminism and the Subversion of Identity*. Routledge, 1990.
- . "Contingent Foundations: Feminism and the Question of 'Postmodernism.'" *Feminist Contentions: A Philosophical Exchange*, inedit nina Benhabib, Seyla, Judith Butler, Drucilla Cornell at Nancy Fraser. Routledge, 1995.
- Canguilhem, Georges. *Le Normal et le Pathologique*. Presses Universitaires de France, 1966.
- Chakrabarty, Dipesh. "Radical Histories and Question of Enlightenment Rationalism: Some Recent Critiques of 'Subaltern Studies.'" *Economic and Political Weekly* 30.14, 1995, mp. 751–759.
- Centre for Research on the Epidemiology of Disasters. *EM-DAT: The International Disaster Database*. Centre for Research on the Epidemiology of Disasters, 2022. <http://emdat.be/>.
- Clifford, James. "On Ethnographic Allegory." *Writing Culture: The Poetics and Politics of Ethnography*, inedit nina Clifford, James at George E. Marcus. University of California Press, 1986.
- Das, Veena. "Subaltern as Perspective." *Subaltern Studies VI: Writing on South Asian History and Society*, inedit ni Ranajit Guha. Oxford University Press, 1989.
- Defoe, Daniel. *The Storm: Or a Collection of the Most Remarkable Casualties and Disasters which Happen'd in the late Dreadful Tempest both by Sea and Land*. G. Sawbridge, 1704.
- Derrida, Jacques. *De la Grammatologie*. Les Editions de Minuit, 1967.
- . *Marges de la Philosophie*. Les Editions de Minuit, 1972.
- . "The Time of a Thesis: Punctuations." *Philosophy in France Today*, inedit ni Alan Montefiore. Cambridge University Press, 1983.
- . *Psyché: Invention de l'Autre*. Galilée, 1987.
- Diagne, Souleymane Bachir. "On the Postcolonial and the Universal?" *Rue Descartes* 78, 2013, mp. 7–18.
- Dynes, Russel Rowe. "The Dialogue Between Voltaire and Rousseau on the Lisbon Earthquake: The Emergence of a Social Science View." *International Journal of Mass Emergencies and Disasters* 18.1, 2000, mp. 97–115.
- Eboussi-Boulaga, Fabien. *La crise du Muntu*. Présence Africaine, 1977.
- Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. University of the Philippines Press, 1992.
- Fanon, Franz. *Peau Noire, Masques Blancs*. Editions du Seuil, 1952.
- Ferguson, Kathy E. *The Man Question: Visions of Subjectivity in Feminist Theory*. University of California Press, 1993.
- Foucault, Michel. *Les Mots et les Choses: Une Archéologie des Sciences Humaines*. Gallimard, 1966.
- . "What is Enlightenment?" *The Foucault Reader*, inedit ni Paul Rabinow. Pantheon Books, 1984.
- Freire, Paulo. "Conscientização e Alfabetização: Uma Nova Visão do Processo." *Revista de Cultura da Universidade do Recife* 4, 1963, mp. 5–23.
- . *Pedagogia do Oprimido*. 1968. Instituto Paulo Freire. Orihinal na manuskrito.
- . "Cultural Action and Conscientization." *Harvard Educational Review* 40.3, 1970, mp. 452–477.
- Fritz, Charles E. "Disaster." *Contemporary Social Problems: An Introduction to the Sociology of Deviant Behaviour and Social Disorganization*, inedit nina Merton, Robert K. at Robert A. Nisbet. Harcourt, Brace & World, 1961.
- Gaillard, J.C. *The Invention of Disaster: Power and Knowledge in Discourses on Hazard and Vulnerability*. Routledge, 2021.
- Glissant, Edouard. *Le Discours Antillais*. Le Seuil, 1981.
- . *Traité du Tout-Monde*. Gallimard, 1997.
- Go Ocampo, Chaya. "Gendering Violence in the 'Philippine Anthropocene': A Feminist Political Ecology of Disasters." 2021. York University. Tesis Doktorat.
- Guillermo Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. University of the Philippines Press, 2009.
- Habermas, Jürgen. *Der Philosophische Diskurs der Moderne*. Suhrkamp Verlag, 1985.
- Hewitt, Kenneth. "The Idea of Calamity in a Technocratic Age." *Interpretation of Calamities*. Ed. Kenneth Hewitt. Boston: Allen & Unwin Inc, 1983, mp. 3–32.
- . "Shadow Risks and Hidden Damage: Problems in Making Visible the Social Space of Disasters." *Proceedings ng Seminario Internacional Sociedad y Prevencion de Desastres*, 23–25 Pebrero 1994, Mexico City.
- . "Excluded Perspectives in the Social Construction of Disaster." *International Journal of Mass Emergencies and Disasters* 13.3, 1995, mp. 317–339.
- JanMohamed, Abdul R. "The Economy of Manichean Allegory: The Function of Racial Difference in Colonialist Literature." *Critical Inquiry* 12.1, 1985, mp. 59–87.
- Jigyasu, Rohit. "Disaster: A 'Reality' or 'Construct'? Perspective from the 'East'." *What is a Disaster? New Answers to Old Questions*, inedit nina Perry, Ronald W. at Enrico L. Quarantelli. Xlibris, 2005.
- Lyotard, Jean-François. *La Condition Postmoderne: Rapport sur le Savoir*. Les Editions de Minuit, 1979.
- Mbembe, Achille. "Provisional Notes on the Postcolony." *Africa* 62.1, 1992, mp. 3–37.
- . *Critique de la Raison Nègre*. La Découverte, 2013.
- Memmi, Albert. *Portrait du Colonisé, Portrait du Colonisateur*. Gallimard, 1957.

- National Disaster Coordinating Council. *Implementing Rules and Regulations of Republic Act No. 10121, also Known as "An Act Strengthening the Philippine Disaster Risk Reduction and Management System, Providing for the National Disaster Risk Reduction and Management Framework and Institutionalizing the National Disaster Risk Reduction and Management Plan, Appropriating Funds therefor and for other Purposes*. National Disaster Coordinating Council.
- Pacific Disaster Center. *Philippines – National Disaster Preparedness Baseline Assessment: A Data-Driven Tool for Assessing Risk and Building Lasting Resilience*. Pacific Disaster Center, 2021.
- Padilla-Goodman, Allison. "When 'You' Become one of 'Them': Understanding the Researcher's Identity Dialectically." *International Review of Qualitative Research* 3.3, 2010, mp. 315–330.
- Parry, Benita. "Problems in Current Theories of Colonial Discourse." *Oxford Literary Review* 9.1/2, 1987, mp. 27–58.
- Pe-Pua, Rogelia. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit*. University of the Philippines Press, 1982.
- Perry, Ronald W. at Enrico L. Quarantelli Enrico. *What is a Disaster? New Answers to Old Questions*. XLibris, 2005.
- Quarantelli, Enrico L. *What is a Disaster? A Dozen Perspectives on the Question*. Routledge, London, 1998.
- Quijano, Anibal. "Colonialidad y Modernidad/Racionalidad." *Perú Indígena* 13.29, 1992, mp. 11–20.
- Rousseau, Jean-Jacques. *Correspondance Complète de Jean-Jacques Rousseau. Tome IV–1756–1757*. Les Délices, 1992.
- Said, Edward. *Culture and Imperialism*. Vintage, 1994.
- Salazar Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan." *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*, inedit nina Bautista, Violeta V. at Rogelia Pe-Pua. Kalikasan Press, 1991.
- Shohat, Ella. "Notes on the 'Post-Colonial.'" *Social Text* 31/32, 1992, mp. 99–113.
- Spivak, Gayatri Chakravorty. "Theory in the Margin: Coetzee's Foe Reading Defoe's 'Crusoe/Roxana.'" *English in Africa* 17.2, 1990, mp. 1–23.
- . *Outside in the Teaching Machine*. Routledge, 1993a.
- . "The Burden of English." *Orientalism and the Postcolonial Predicament: Perspectives on South Asia*, inedit nina Breckenridge, Carol A. at Peter van der Veer. University of Pennsylvania Press, 1993b.
- Takakura, Hiroki. "The Anthropologist as Both Disaster Victim and Disaster Researcher: Reflections and Advocacy." *Crisis and Disaster in Japan and New Zealand*, inedit nina Bouterey, Susan at Lawrence E. Marceau. Palgrave Macmillan, 2019.
- Wisner, Ben, Piers Blaikie, Terry Cannon at Ian Davis. *At Risk: Natural Hazards, People's Vulnerability, and Disasters*. Routledge, 2004.

Pasasalamat

Ang may-akda ay nagpapasalamat kay Noreen H. Sapalo (Unibersidad ng Pilipinas), Ramon Guillermo (Unibersidad ng Pilipinas) at Cyrene Baun-Gaillard para sa kanilang tulong sa pag-edit ng artikulong ito.